# Ang Pag-akyat sa Langit, Pagbabalik, at Paghuhukom

## NOTES

## WARM-UP

- Kung magagawa mong baguhin ang kahit na ano tungkol sa iyong sarili, ano ang iyong babaguhin? Bakit?
- Ibahagi ang isang panahong dumating ang isang bagay na matagal mong hinintay. Ano ang naramdaman mo?
- Ano ang pinakamaganda o hindi magandang bagay o parusa ang natanggap mo mula sa iyong mga magulang o paaralan? Bakit ka binigyan ng gantimpala o binigyan ng parusa?

**WORD** *. . . "Kayong mga taga-Galilea, bakit nakatayo pa kayo rito at nakatingala sa langit? Si Jesus na inyong nakita at dinala paitaas ay babalik dito sa mundo. At kung paano siya pumaitaas, ganyan din ang kanyang pagbalik."* **MGA GAWA 1:11**

---

Ang Apostles' Creed ay nagtuturo sa atin na si Jesus ay umakyat sa langit, naupo sa kanang kamay ng Ama, at muling babalik upang husgahan ang mga buhay at mga namatay. Ang katotohanang ito ay nagdadala ng banal na pagkatakot sa Panginoon, na hindi dapat itulad sa takot na karaniwan nating nararamdaman. Ang banal na pagkatakot ay bunga ng pagmamahal at respeto. Kung tunay nating minamahal ang Diyos, mag-iingat tayo upang hindi natin Siya masaktan. Bilang Kanyang mga anak na nakatanggap ng Kanyang ganap na pagmamahal sa pamamagitan ni Jesus, maaari tayong tumugon sa pamamagitan ng pagsunod at pagtitiwala sa Kanya araw-araw. Ang muling pagbabalik ni Jesus ay isang bagay na maaari nating kasabikan. Sa araling ito, mas lalo pa nating pag-aaralan kung ano ang ibig sabihin ng pag-akyat sa langit, muling pagbabalik, at paghuhukom ni Jesus sa ating mga buhay.

## 1 Si Jesus ay umakyat sa langit.

*Tunay na napakahiwaga ng mga katotohanan ng ating relihiyon: Nagpakita siya bilang tao, pinatotohanan ng Banal na Espiritu na siya'y matuwid, nakita siya ng mga anghel, ipinangaral sa mga bansa, pinaniwalaan ng mundo, at dinala sa langit.* **1 TIMOTEO 3:16**

Si Jesus ay umakyat sa langit sa Kanyang kaluwalhatian at binigyan ng pinakamataas na kapangyarihan at pamamahala (Mga Taga-Efeso 1:20-23). Siya ay bumalik sa langit sa Kanyang pisikal subalit maluwalhating katawan, na hindi nabubulok, di gaya ng katawan ng tao (1 Corinto 15:50). Ano dapat ang ating pananaw, ngayong alam natin na tinapos na ni Jesus ang kanyang misyon dito sa lupa at binigyan tayo ng katagumpayan laban sa kasalanan at kamatayan (1 Corinto 15:58)?

............

............

............

............

## 2 Si Jesus ay muling babalik.

*At ngayon, may inilaan ang Diyos sa akin na korona ng katuwiran. Ibibigay ito sa akin ng makatarungang Panginoon sa araw ng paghuhukom niya. At hindi lang ako ang bibigyan, kundi maging ang lahat ng nananabik sa pagbabalik niya.* **2 TIMOTEO 4:8**

Si Jesus ay pumunta sa lupa bilang isang mapagpakumbaba at matiising Lingkod. Subalit sa Kanyang pagbabalik, Siya ay darating bilang isang Haring mapanakop. Tayo ay may kasiguraduhan sa ating gantimpala na walang hanggan, hindi dahil sa ating mabubuting gawa, kundi dahil sa ginawa Niya para sa atin. Ano ang ibibigay para sa mga sabik na naghihintay ng Kanyang pagbabalik? Sino ang nagbibigay ng gantimpalang ito?

## 3 Si Jesus ay magbibigay hatol sa mga buhay at mga patay.

*Inaatasan kita sa presensya ng Diyos at ni Cristo Jesus, na siyang hahatol sa mga buhay at mga patay, at muling babalik at maghahari . . .* **2 TIMOTEO 4:1**

Pinaalalahanan ni Pablo si Timoteo na si Jesus ang magbibigay ng hatol sa lahat sa atin. Si Cristo ay tiyak na babalik, at tayo ay tatayo sa Kanyang harapan upang tanggapin ang hatol na kapahamakan o kaligtasan. Samakatuwid, ang dapat nating pangunahing iniintindi ay ang Kaharian ni Cristo at ang Kanyang kagustuhan. Batay sa Juan 5:30, anong uri ng paghatol ang ibinibigay ni Jesus?

## APPLICATION

- May bahagi pa ba ng iyong buhay na hindi pa nakapaloob sa pamumuno ni Jesus? Handa ka bang isuko ito sa Kanya ngayon?
- Pagnilayan ang Mateo 24:36-51, na nagpapakita ng kahalagahan ng pagiging handa sa Ikalawang Pagdating ni Jesus. Sa paanong paraan mo magagawang ipakita ngayong linggo ang pagiging matapat na lingkod?
- Ikaw ba'y nababahala sa kung ano ang iniisip ng tao o kung ano ang iniisip ni Jesus? Ngayong linggo, paano ka mas magtutuon ng pansin kay Jesus.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa walang hanggang gantimpala na ibinigay Niya sa iyo sa pamamagitan ni Jesu-Cristo.
- Hingin sa Diyos ang kakayahang magpasakop araw-araw sa Kanyang Pagkapanginoon.
- Mag-isip ng isang tao na hindi pa nakakikilala kay Jesus. Ipanalangin na marinig niya ang ebanghelyo, at na gamitin ka ng Diyos upang gawin ito.

VICTORY

© 2016 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph